**MGA DIREKTA AT SAGOT NA ARGUMENTO**
**MGA TAKDANG PANAHON AT IMPORMASYON 2024**

Ang Pangkalahatang Munisipal na Halalan ay gaganapin sa Lungsod ng Encinitas sa Nobyembre 5, 2024. Sa pagpupulong noong Mayo 22, 2024, pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ang Resolution 2024-60 na nag-uutos ng pagsusumite sa mga kwalipikadong botante ng Lungsod, ng isang panukala sa balota na ilalagay ng Konseho ng Lungsod sa balota kaugnay ng isang panukala sa paniningil ng isang-sentimo kada dolyar na buwis sa mga pangkalahatang transaksyon at paggamit (pagbebenta) kung saan ganito ang magiging tanong sa balota:

| | |
|---|---|
| Upang makapagbigay ng mga pagpopondong lokal na kinokontrol para sa mga serbisyo sa lungsod ng Encinitas, gaya ng pagpapanatiling ligtas at malinis ng mga parke, beach, pampublikong pasilidad; paglalayo ng basura/polusyon sa mga lagoon, waterway, beach, marine habitat sa pamamagitan ng pagkukumpuni ng mga luma nang kanal; restorasyon ng mga buhangin sa beach; pagkukumpuni sa mga lubak; pag-aayos ng mga kalsada; pagpapahusay sa kaligtasan sa daan, imprastruktura, at mga pasilidad sa kaligtasan ng publiko; dapat bang pagtibayin ng Encinitas ang panukalang nagtatakda ng isang-sentimong (1%) buwis sa mga transaksyon at paggamit (pagbebenta), na makapagbibigay ng $15.4 milyon taon-taon para sa mga layunin sa pangkalahatang kita sa loob ng 10 taon? | OO |
| | HINDI |

Alinsunod sa Kodigo sa Halalan ng California 9282(b) "(b) Para sa mga panukalang ilalagay ng lehislatibong sangay sa balota, maaaring maghain ng nakasulat na argumento ang lehislatibong sangay, o ang miyembro o mga miyembro ng lehislatibong sangay na inawtorisahan ng sangay na iyon, o ang indibidwal na botante na kwalipikadong bumoto sa panukala, o ang bona fide na asosasyon ng mga mamamayan, o kumbinasyon ng mga botante at asosasyon, na sumusuporta o tumututol sa anumang panukala ng lungsod."

Sa pagpupulong ng Konseho ng Lungsod noong Hunyo 12, 2024, inaprubahan ang subkomite nina Alkalde Kranz at Konsehal Hinze na maghanda ng pansuportang argumento at sagot sa pangangatwiran; inawtorisahan sina Alkalde Kranz, Konsehal Hinze, at tatlong signatoryo mula sa mga sumusuportang grupo (na tutukuyin ng subkomite) na lagdaan ang pansuportang argumento; at inawtorisahan sina Kinatawang Alkalde Blackwell, Konsehal Lyndes, at tatlong signatoryo mula sa mga sumusuportang grupo (na tutukuyin ng subkomite) na lagdaan ang sagot sa pangangatwiran.

Ang mga direktang argumento na sumusuporta at tumututol sa panukala sa balota (hindi lalampas sa 300 salita) ay dapat maisumite sa Klerk ng Lungsod hanggang Agosto 12, 2024, nang 5:00 p.m., kasama ng mga iniaatas na form ng signatoryo na ibinigay ng Klerk ng Lungsod.

Bukod pa rito, alinsunod sa Resolution 2013-11 ng Konseho ng Lungsod at alinsunod sa Seksyon 9285 ng Kodigo sa Halalan ng California, ang mga sagot sa pangangatwiranl (hindi lalampas sa 250 salita) ay dapat maisumite sa Klerk ng Lungsod hanggang Agosto 19, 2024, 5:00 p.m., kasama ng mga iniaatas na form ng signatoryo na ibinigay ng Klerk ng Lungsod.

**Agosto 12, 2024 Huling Araw ng Pagtanggap ng Mga Direktang Argumento**

Mga Direktang Argumento:

- May habang limitado sa hanggang 300 salita
- Dapat maisumite sa at matanggap ng Klerk ng Lungsod hanggang Agosto 12, 2024
- Dapat kinabibilangan ng (mga) naka-print na pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akda na nagsusumite nito, o kung isinusumite sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang naka-print na pangalan at lagda ng kahit isa man lang sa mga pangunahing opisyal nito na gumawa sa argumento
- Maaaring baguhin o bawiin ang mga direktang argumento hanggang sa at kabilang ang petsang itinakda ng Klerk ng Lungsod (Agosto 12, 2024)

- Dapat hindi lalampas sa limang (5) lagda ang laman ng direktang argumento. Kung magsusumite ng higit sa limang (5) lagda, ang unang lima (5) ang ililimbag sa Halimbawang Balota/Libreto ng Impormasyon para sa Botante
- Dapat lagdaan ng lahat ng signatoryo ang argumento/sagot sa pangangatwiran bukod pa sa paglagda sa mga form ng signatoryo para sa argumento/sagot sa pangangatwiran na ibinigay ng Opisina ng Klerk ng Lungsod (nakalakip ang form ng signatoryo)

Ang mga nakalimbag na direktang argumentong isusumite sa mga botante ay dapat may pamagat na tulad ng alinman sa mga ito:

"ARGUMENTONG SUMUSUPORTA SA PANUKALA ____"
o
"ARGUMENTONG TUMUTUTOL SA PANUKALA ____"

**Agosto 13, 2024, "makikipag-trade" ng mga direktang argumento ang Klerk ng Lungsod sa mga may-akda mula sa magkabilang panig para sa paghahanda para sa mga sagot sa pangangatwiran**

**Agosto 13-22, 2024, 10-araw na panahon para sa pagsusuri ng publiko sa mga direktang argumento**

**Agosto 19, 2024, Huling Araw ng Pagtanggap ng mga Sagot sa Pangangatwiran**

**Agosto 20-29, 2024, 10-araw na panahon para sa pagsusuri ng mga sagot sa pangangatwiran**

Mga Sagot sa Pangangatwiran:
- May habang limitado sa 250 salita
- Dapat maisumite sa at matanggap ng Klerk ng Lungsod hanggang Agosto 19, 2024
- Isusumite ng mga may-akda ng mga tumututol na direktang argumento, na may kasamang (mga) naka-print na pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akdang nagsusumite nito, o kung isinusumite sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang naka-print na pangalan at lagda ng kahit isa man lang sa mga pangunahing opisyal nito na gumawa sa argumento
- Maaaring awtorisahan ng may-akda o ng karamihan ng mga may-akda ng direktang argumento, ang sinupamang tao o mga tao na ihanda, isumite, o lagdaan ang sagot sa pangangatwiran (tingnan ang nakalakip na form ng pahintulot) sa pamamagitan ng sulat
- Ang mga sagot sa pangangatwiran ay maaaring baguhin o bawiin hanggang sa at kabilang ang petsang itinakda ng Klerk ng Lungsod (Agosto 19, 2024)
- Dapat hindi lalampas sa limang (5) lagda ang laman ng sagot sa pangangatwiran. Kung magsusumite ng higit sa limang (5) lagda, ang unang lima (5) ang ililimbag sa Halimbawang Balota/Libreto ng Impormasyon para sa Botante
- Dapat lagdaan ng lahat ng signatoryo ang sagot sa pangangatwiran bukod pa sa paglagda sa mga form ng signatoryo para sa argumento/sagot sa pangangatwiran na ibinigay ng Opisina ng Klerk ng Lungsod (nakalakip ang form ng signatoryo)

Ang mga nakalimbag na sagot sa pangangatwirang isusumite sa mga botante ay dapat may pamagat na tulad ng alinman sa mga ito:

"SAGOT SA PANGANGATWIRANG SUMUSUPORTA SA PANUKALA _____"
o
"SAGOT SA PANGANGATWIRANG TUMUTUTOL SA PANUKALA ____"

______________________________________
Kathy Hollywood, Klerk ng Lungsod

May petsang: Hunyo 13, 2024